



## MINUTO NG PULONG

Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego

Pulong ng Lupon ng Tagapayo ng Residente  
Ahenda ng Regular na Pulong

**Miyerkoles, Hunyo 16, 2021, alas 9:00 ng umaga –  
alás 10:30 ng umaga**

Microsoft Teams

### **Kaayusan ng Talakayan**

- A. **REGULAR NA SESYON:** Ang pulong ay pormal na inumpisahan sa alas 9:06 ng umaga ng Tagapangulo na si Darlene Simpson na pinagtibay na may isang korum ng mga hinirang na mga miyembro ng lupon na naroroon.

**DUMALO:**

Awtoridad ng Pabahay (Housing Authority): (8) N. Martinez, J. Mendez, M Moraleja, R. Ramirez, J. Song, M. Mercier, L. Payton, K. Gonzalez.

Lupon ng Tagapayo ng Residente (Resident Advisory Board): (7) D. Simpson, A. Acosta, C. Wollas, S. Rodriguez, M. Mckell, R. Jacobs, C. Castillo

Samahan ng Legal na Tulong (Legal Aid Society): (1) D. Tailleart

Mga Bisita: (15) mga miyembro ng publiko kabilang ang mga residente ng Awtoridad ng Pabahay at mga kalahok na kinilala sa pamamagitan ng pangalan ng pulong o numero sa telepono.

- B. **MGA BAGAY NA TINALAKAY:**

I. **Presentasyon ng Impormasyonal na Bagay: Presentasyon ng Patas na Pabahay (Legal na Tulong - Danielle Tailleart)**

1. **Pangkalahatang Impormasyon** – Tinalakay at tinukoy ang kahulugan ng patas na pabahay, mga protektado na klase, at diskriminasyon na may kinalaman sa COVID-19.
2. **Mga Pagbabago at Kalakaran sa COVID-19** – Ang kalagayan ng kalusugan na may kaugnay sa COVID 19 ay maaaring makwalipika bilang kapansanan sa ilalim ng mga batas sa patas na pabahay.
3. **Bagong Pagbawal sa Pagpapaalis sa County ng San Diego** - Ang Pagbawal sa Pagpapaalis ay ihihinto ang pagpapaalis sa anumang yugto ng proseso maliban kung ang pagpapaalis ay kinakailangan dahil sa “napipintong banta sa kalusugan at kaligtasan.”
4. **Moratoryum sa Pagtaas ng Upa** – Ang Pagbawal sa Pagpapaalis ay magtatalaga din ng limitasyon sa pagtaas ng upa sa mga kwalipikadong mga ari-arian mula Hunyo 3, 2021 hanggang Hulyo 1, 2021. Ang upa ay hindi maaaring itaas ng anumang halaga na mas mataas sa Consumer Price Index

(CPI) para sa nakaraang taon.

5. **Mga proteksyon sa pagpapaalis sa ilalim ng AB 3088/SB 91** - Ang Batas ng Nangungupahan ay pinagbabawalan ang korte na italaga ang isang nangungupahan na nagkasala sa batas na deteyner (unlawful detainer) bago sa petsang Hulyo 1, 2021, depende sa ilang mga eksepsyon. Ang mga abiso upang wakasan ang pangungupahan para sa mga dahilan maliban sa hindi pagbabayad ay dapat mayroong isang makatarungang dahilan.

6. **Bagong Kinakailangan sa mga Abiso** - Ang Pagbawal sa Pagpapaalis ay nagpapataw ng mga bagong kinakailangan para sa lahat ng mga abiso na may kaugnayan sa pagwawakas ng pangungupahan, maliban sa mga abiso ng hindi pagbabayad ng upa. Ito ay makakaapekto sa mga kasalukuyang labag sa batas na mga deteyner (unlawful detainers) at mga abiso ng pagwawakas na dati nang naihatid.

#### **Mga Katanungan/Komento sa Presentasyon ng Patas na Pabahay**

- i. Website ng Legal na Tulong: [www.lassd.org](http://www.lassd.org)
- ii. Telepono ng Legal na Tulong: 844-449-3500 (Intake Team)
- iii. Isang Presentasyon sa pamamagitan ng Powerpoint ay makukuha sa website ng HACSD.
- iv. Pagkontak sa Pagpapatupad ng Koda (Code Enforcement) tungkol sa mga paglabag sa mga koda ng yunit (unit code violations).
- v. Pagkontak sa Espesyalista sa Pabahay upang humiling ng Espesyal na Inspeksyon.

#### **II. Presentasyon ng Impormasyonal na Bagay: Pagrepasso ng Badyet (Maryneza Moraleja)**

1. Rekomendadong Badyet para sa Piskal na Taon 2021-22 – Sa kasalukuyan, ang HACSD ay nagsisilbi sa humigit-kumulang na 11,000 mga pamilya sa pamamagitan ng iba't ibang mga programa sa tulong sa paupa pati na rin sa mga lugar ng pampublikong pabahay, nap ag-aari at pinatatakbo ng HACSD.
2. Ang rekomendadong badyet ay \$189.9M
  - o Badyet sa Tulong sa Pabahay ay \$187.0 M
  - o Badyet sa Iba Pang Programa sa Pabahay ay \$0.6 M
  - o Badyet para sa Pampublikong Pabahay ay \$2.3 M para sa 5 lugar ng pabahay.

#### **Pampublikong mga Katanungan/Komento sa Pagrepasso sa Badyet:**

Binuksan ang pulong sa mga komento ng pangkalahatang mga dumalo. Nagbigay ang publiko ng mga komento na sumusuporta sa mga iminungkahing pagbabago sa badyet.

- i. May agwat sa pagitan ng pangangailangan at pagkakaroon ng mga Voucher sa Pagpipilian sa Pabahay, gayunpaman, masigasig na nagpupursigi ang HACSD na balansehin ang badyet upang matiyak na ang mga serbisyo ay napapanatili.
- ii. May interes na makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga programa para sa mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon. Isang link sa website ng HACSD [Home Buyers and Homeowners Programs](#), ang ipinamahagi. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa Programa sa Tulong sa Downpayment na pinangangasiwaan ng Komisyon sa Pabahay ng San Diego. Ang isang impormasyonal na presentasyon tungkol sa mga mamimili ng bahay na bibili sa unang pagkakataon ay irekomenda para sa isang parating na Pulong ng Lupon ng Tagapayo ng Residente.

- III. **Presentasyon ng Impormasyonal na Bagay: Bagong mga Programa ng ARPA (Monique Mercier)** Ang pangkalahatang impormasyon sa mga Voucher sa Emerhensiyang Pabahay (Emergency Housing Vouchers o EHV) ay ipinamahagi. Kasama sa mga bagay na tinalakay ay ang pagiging karapat-dapat, pag-akses, mga serbisyo, limitasyon sa oras, at kung paano naiiba ang HCV sa mga Voucher ng Pagpipilian sa Pabahay.

**1. Pampublikong mga Katanungan/Komento/Mapagkukunan**

- i. Website ng HACSD: [www.sdhcd.org](http://www.sdhcd.org)
- ii. Website ng Legal na Tulong: [www.laszd.org](http://www.laszd.org)
- iii. Ang isang alalahanin na may kalaman sa hindi makontak na Espesyalista sa Pabahay ay ipinahayag. Kung ang isang kliyente ay hindi makontak ang kanilang espesyalista sa pabahay, kontakin ang Superbisor o si Robin Ramirez.

2. Ang isang komento ay natanggap mula sa isang residente na pinupuri ang HACSD para sa patuloy na pambihirang serbisyo na natanggap niya mula sa kanyang espesyalista sa pabahay.

#### **IV. Pagtatapos ng Pulong**

Si Tagapangulo Simpson ay pormal na tinapos ang pulong sa alas 10:32 ng umaga.

Ang susunod na petsa ng pulong ay itatalaga at ipamamahagi sa natatanging website ng HCDS para sa Lupon ng Tagapayo ng Residente.